# Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 23

"7 Mapapalad ang mga mahahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7)

Tayo ay magpapatuloy upang malaman natin paano magpakita ng habag ang Diyos upang ating makuha kung paano magpakita ng awa sa iba.

"35 At nangyari, na nang nalalapit na sila sa Jerico, isang bulag ay nakaupo sa tabi ng daan na nagpapalimos: 36 At pagkarinig na nagdaraan ang maraming tao, ay itinanong niya kung ano ang ibig sabihin noon. 37 At sinabi nila sa kaniya, na nagdaraan si Jesus na taga Nazaret. 38 At siya'y nagsisigaw, na sinasabi, Jesus, ikaw na anak ni David, mahabag ka sa akin. 39 At siya'y sinaway ng nangasa unahan, upang siya'y tumahimik: datapuwa't siya'y lalong nagsisigaw, Ikaw na anak ni David, mahabag ka sa akin. 40 At si Jesus ay tumigil, at ipinagutos na dalhin siya sa kaniya: at nang mailapit siya, ay itinanong niya sa kaniya, 41 Anong ibig mo na sa iyo'y gawin ko? At sinabi niya, Panginoon, na tanggapin ko ang aking paningin. 42 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Tanggapin mo ang iyong paningin: pinagaling ka ng pananampalataya mo. 43 At pagdaka'y tinanggap niya ang kaniyang paningin, at sumunod sa kaniya, na niluluwalhati ang Dios: at pagkakita nito ng buong bayan, ay nangagpuri sa Dios." (Lucas 18:35-43)

"35 At nangyari, na nang nalalapit na sila sa Jerico, isang bulag ay nakaupo sa tabi ng daan na nagpapalimos: " (Lucas 18:35) Ang ating Diyos ay mahabaging Diyos at Siya'y nagmamalasakit at iniibig Niya ang Kanyang mga bayan. Isinasaalang alang Niya ang sitwasyon at kasakitan at kahirapan na ating pinagdaraanan. Ang Panginoon ay patuloy tayong kahahabagan at upang pagmalasakitan tayo at upang upang itaas tayo ng Kanyang biyaya at kaawaan. Dito ang Panginoon JesuCristo ay lumapit sa Jericho upang pagmalasakitan ang mga tao, sinusubukan upang maabot sila ng Kanyang pagibig at upang tulungan sila. Ang Diyos ay laging kumikilos sa ating buhay and Siya'y kumikilos lagi sa mundo upang tulungan tayo at tulungan ang mga tao. Ang biyaya Niya ay sapat at tayo ay Kanyang pagpapalain at ang Kanyang pagpapala ay maabot sa mga nangangailangan sa Kaniya at sa mga nagpapakumbaba ng kanilang mga sarili.

Sa ilang pagkakataon nagiisip ka at nagtatanong anong oras ang Diyos ay darating at palalawakin ang Kanyang awa sa akin. Sa lalong madaling panahon o sa huli, kailangan mong magkaroon ng pananampalataya at pagasa sa Diyos, na hindi Niya ikaw kakalimutan at isang araw, Siya ay darating at giginhawa ka.

Ang bulag na lalaki ay nakaupo sa gilid ng daanan, ibig sabihin tinanggap niya ang kaniyang suliranin at siya nasa rehabilitasyon at sa trabaho upang suportahan ang kaniyang sarili. Kailangan nating gawing posible upang suportahan ang ating sarili. Ang bulag na lalaki ay ginawa ang kaniyang tungkulin at kailangan nating gawin ang ating tungkulin at magkaroon ng awa sa ating sarili upang sa ganon matanggap natin ang awa mula sa Diyos.

Ang bulag na lalaki ay humingi ng awa mula kay Jesus upang matanggap niya ang kaniyang paningin at ang Panginoon ay dininig ang kaniyang panalangin. Kailangan nating magtiwala Kay Jesus na ating Diyos at kailangan natin magtiwala sa bisa ng ating mga panalangin. Ilan sa inyo ang may kamalayan at sigurado na ang inyong panalangin ay mabisa?

Ang bulag na lalaki ay humingi ng awa mula kay Jesus upang matanggap ang kaniyang paningin at ang Panginoon ay dininig ang kaniyang panalangin pagkatapos ng paggawa niya ng kaniyang bahagi. Hindi lamang siya humingi ng awa ngunit ginawa niya ang kaniyang bahagi sa pagkamit ng kaniyang ikabubuhay sa paraang nais ng Diyos upang siya'y kumita. Ating pagmasdan ang katangian ng pagsusumamo ng bulag na lalaki para sa awa ng Diyos at ating pagaralan ang Salita ng Diyos at matutunan ang mabuting aral upang isagawa sa ating buhay.

1. Nakaupo sa tabi ng daan. Ang bulag na lalaki ay hinarap ang realidad ng buhay. Ang buhay ay maaring mahirap sa atin. Ngunit kailangan nating gawin ang ating bahagi at pagsumikapan upang mapagtagumpayan. Na ito din ay nagpapahayag ng pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos na Siya ang magbibigay ng ating pangangailangan.

2. Nagpapalimos. Ang bulag na lalaki ay handang gawin ang lahat ng makakaya niyang gawin upang matugunan para sa kaniyang pangangailangan. Sa parehong paraan kailangan nating gawin ang lahat ayon sa batas sa paningin ng Diyos upang makuha ang nararapat para sa atin. Bilang pagpapakita ng habag sa ating sarili. Ang Diyos na pagkakalooban tayo ng Kaniyang habag.

"36 At pagkarinig na nagdaraan ang maraming tao, ay itinanong niya kung ano ang ibig sabihin noon." (Lucas 18:36) Nang si Jesus ay dumaraan sa lugar, mayroon dapat na ilang ingay o mabilis na paggalaw sa palibot ng bulag na lalaki na nagawa niyang marinig na nagbigay pansin sa kaniyang atensyon. Kapag ang Diyos ay gumagalaw ay nagkakaroon ng ilang mga pagbabago at ilang sanhi na ating makikita at maririnig. Ang bulag na lalaki ay mayroon malakas na pandinig sapagkat siya'y bulag. Kapag ang Diyos ay hinayaan ang isang bagay na maalis mula sa ating buhay papalitan ito ng Panginoon ng ibang bagay. Kapag nawala ang isang pandama mayroong magpupunan sa ibang pandama, ito'y kung paano ang Diyos ay tumutulong sa atin at ganon din ang kagustuhan ng Diyos na tanggapin ang mga bagay na nangyayari sa ating buhay at upang makipagtulungan sa Kanya upang maiakma sa mga pangyayari.

3. Pagkarinig na nagdaraan ang maraming tao. Siya'y masigasig sa mga nangyayari na nakapaligid sa kanya na nais upang makipagugnayan at kunin ang reponsibilidad sa anong nangyayari sa paligid niya. Kailangan nating kunin ang bahagi ng masigasig sa mga nangyayari sa ating paligid at magdala ng pagkakaisa para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang bulag na lalaki ay hindi lumpo datawpuwat siya'y pagpapala sa lipunan na nakapaligid sa kaniya sa pamamagitan ng milagri ba ginawa ni Jesus sa kaniyang buhay. Alam mo kapag ako'y tumingin sa taong naguguluhan, ngunit silay bumabati, sila'y tumutulong at silay may kagalakan at kapayapaan ng higit sa akin, tapos, ako'y nahihiya sa aking sarili.

4. Itinanong niya kung ano ang ibig sabihin noon. Noong narinig niya ang boses nagtanong siya ano ang nangyayari. Siya ay nagusisa upang makisali sa buhay ng lipunan ng mga taong nakapaligid sa kanya. Hindi lamang siya'y nagusisa, datawpuwat siya'y masigasig na mapabilang at maibahagi sa pangyayari na nakapaligid sa kanya.

"37 At sinabi nila sa kaniya, na nagdaraan si Jesus na taga Nazaret." (Lucas 18:37) Nang sinabi nila sa kanya. Jesus na taga Nazaret, ibig sabihin my isang bagay na hindi pangkaraniwan sa kanya. Maraming beses kapag narinig natin ang pangalan ni Jesus, parang bang isang bagay na pangkaraniwan, pamilyar, at walang gaanong epekto, ngunit sa bulag na lalaki na may kakayanan upang makita ang mga bagay ng tama sa Kanyang isip, si Jesus ay may isang bagay na pambhira. Si Jesus ay Diyos upang iligtas tayo. Siya ay Diyos na madalas dumating upang tulungan tayo, upang pagalingin tayo, upang solusyunan ang ating mga suliranin at upang ibigay ang para sa atin.

"38 At siya'y nagsisigaw, na sinasabi, Jesus, ikaw na anak ni David, mahahabag ka sa akin." (Lucas 18:38) Noong natanggap niya ang impormasyon na si Jesus ay nasa paligid siya kumilos rito. Binuo niya ang impormasyon sa kanyang kaisipan at sineryoso ng higit at gumawa ng desisyon na kailangan niyang tumawag sa pangalan ng Panginoon. Ito'y pagkakataon para sa kanya at ito ang oras na hinihintay niya.

5. At siya'y nagsisigaw, na sinasabi Jesus anak ni David mahabag ka sa akin. Hindi siya nahihiya sa mga tao at ano ang sasabihin sa kanya. Siya ay prangka at tapat sa Diyos at sa mga tao. Ang pananalangin at pagiyak sa Diyos ay ang tanging paraan para sa atin upang matanggap ang biyaya at habag na mula sa Diyos. Ang mga tao ay maaring pagtawanan tayo, ang mga tao ay maaring manakot sa atin kapag nananalangin tayo ngunit ang Diyos ay magpapakita sa atin ng habag at biyaya kapag tayo ay umiiyak sa Kanya.

Inulit ulit niya ang kanyang ginawa. Hindi siya nanglupaypay sa mga taong nagtatangkang patahimikin siya sapagkat kanyang nababatid na ang pananalangin at paghuhumiyaw sa Diyos ay magdadala sa kanya ng mabuting bagay.

"39 At siya'y sinaway ng nangasa unahan, upang siya'y tumahimik: datapuwa't siya'y lalong nagsisigaw, Ikaw na anak ni David, mahabag ka sa akin." ( Lucas 18:39) Hindi dapat tayo mahiya na masaway kung may nagawa tayo

o ginagawa natin ang tama. Walang tutulong sa atin kundi ang Diyos mismo. Hindi tayo tutulungan ng mga tao. Samakatuwid huwag dapat tayo mahiya na gawin kung ano ang nais ng Diyos na gawin natin. Huwag dapat tayong mahiya o matakot upang manalangin at magayuno sa Diyos na umiibig sa atin at sumasagot sa ating mga panalangin.

Noong si Haring David ay dinala ang arko ng Diyos sa lugar na kaniyang inihanda para sa Kanya, siya'y sumayaw sa harap ng arko ng Diyos, ang Kanyang asawa ay tinuya siya ngunit siya'y may kamalayan na gawin iyon para sa Diyos at sa harapan ng Diyos. Ating basahin ang istoryang ito. "16 At nagkagayon, sa pagpapasok ng kaban ng Panginoon sa bayan ni David, na si Michal na anak ni Saul ay tumitingin sa dungawan, at nakita na ang haring si David ay nagluluksо at nagsasayaw sa harap ng Panginoon; at kaniyang niwalan ng kabuluhan siya sa kaniyang puso. 17 At kanilang ipinasok ang kaban ng Panginoon, at inilagay sa kaniyang dako, sa gitna ng tolda na itinayo ni David: at naghandog si David ng mga handog na susunugin at mga handog tungkol sa kapayapaan sa harap ng Panginoon. 18 At nang makatapos si David na maghandog ng mga handog na susunugin at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, kaniyang binasbasan ang bayan sa pangalan ng Panginoon ng mga hukbo. 19 At kaniyang binahagi sa buong bayan, sa makatuwid baga'y sa buong karamihan ng Israel, sa mga lalake at gayon din sa mga babae, sa bawa't isa ay isang tinapay at isang bahaging lamang kati, at isang binilong pasas. Sa gayo'y ang buong bayan ay yumaon bawa't isa sa kaniyang bahay. 20 Nang magkagayo'y bumalik si David upang basbasan ang kaniyang sangbahayan. At si Michal na anak ni Saul ay lumabas na sinalubong si David, at sinabi, Pagkaluwalhati ngayon ng hari sa Israel, na siya'y naghubad ngayon sa mga mata ng mga babaing lingkod ng kaniyang mga lingkod, na gaya ng naghuhubad na kahiyahiya ang isang walang kabuluhang tao. 21 At sinabi ni David kay Michal, Yao'y sa harap ng Panginoon, na siyang pumili sa akin na higit sa iyong ama, at sa buong sangbahayan niya, upang ihalal ako na prinsipe sa bayan ng Panginoon, sa Israel: kaya't ako'y tutugtog sa harap ng Panginoon. 22 At ako'y magpapakawalang kabuluhan pa kay sa yaon, at ako'y magpapakababa sa aking sariling paningin: nguni't sa mga babaing lingkod na iyong sinalita, ay pararangalan ako. 23 At si Michal na anak ni Saul ay hindi nagkaanak hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan." (2 Samuel 6:16-23) Si Haring David ay hindi nahiya upang sumayaw sa harap ng kaban ng Diyos at sa harapan ng Diyos na nahabag sa kanya. Iyong bulag na lalaki ay naghuhumiyaw at humihingi ng tulong sa Diyos, kay Jesus, anak ni David. Hindi siya nahiya mula sa mga tao upang humingi ng tulong mula kay Jesus, ang ating Diyos. Tayo sa parehong paraan hindi dapat tayo mahiya upang humingi ng tulong ng Diyos at habag at Siya ang magiingat para sa atin at magbibigay para sa atin. Ngunit dapat nating gawin ang ating parte at dapat din nating gawin ang ating pamamahala sa buhay tulad ng nais ni Jesus na makibahagi rito.

6. At siya'y sinaway ng nangasa unahan, upang siya'y tumahimik: datawpuwat siya'y lalong nagsisigaw: Siya ay nagtiwala na ang Panginoon ay sasagutin any kaniyang panalangin at Kaniyang petisyon. Siya ay nagpatuloy sa panalangin at umiyak sa Diyos. Si David ay sinaway at nilait ng kaniyang asawa ngunit hindi siya natakot, sapagkat alam niya anuman ang kaniyang ginagawa ay mabuting bagay. Ang mga taong malapit sa atin ay sinasaway tayo para sa mga bagay na ginagawa natin tama ngunit hindi dapat tayong mahiya, sa halip dapat tayong magpatuloy na gawin kung ano ang mabuti.

"40 At si Jesus ay tumigil, at ipinagutos na dalhin siya sa kaniya: at nang mailapit siya, ay itinanong niya sa kaniya," (Lucas 18:40) Ang lalaking iyon sa kaniyang ginawa, nakatawag pansin niya ang atensyon ni Jesus at naging dahilan sa Kanya upang tumayo upang tingnan para sa kanyang kalagayan. Ang lalaking iyon ang dahilan ng pagtigil ni Jesus sa Kaniyang paglalakbay at nagawa ni Jesus na natawagin siya at tanungin ano ang kaniyang kailangan.

Pananalangin at pagiyak sa Diyos ay isang bagay na hindi dapat nating kalimutan na gawin. Tayo ay nagpapakita ng habag sa ating sarili kung tayo ay paulit ulit na umiiyak sa Diyos at tawagin Siya upang lutasin ang ating mga problema at baligtarin ang nakalulumbay na pangyayari.

Ang lalaking iyon ang ginawa ang kaniyang bahagi upang mapalapit sa Diyos, kahit na siya ay sinasalungat at sinasaway ng mga taong nakapaligid sa kanya, datawpuwa't gumawa siya ng paraan para sa kaniyang sarili upang mapalapit sa Diyos. Sinabi sa salita ng Diyos tungkol sa bulag na lalaki ay "nang siya malapit". Kailangan nating mapalapit sa Diyos sa lahat ng posibleng paraan na kaya natin. Ang bulag na lalaki ay nakayanan upang makalapit kay Jesus, pagkatapos matanggap ang pagsaway ng maraming tao na sumasalungat sa kanya. Ang pagtutol ay

isang kadahilanan para sa atin upang mapalapit sa Diyos. Pagnilayan mo ngayon, kung ano na ang nalampasan mo sa iyong buhay at tingnan kung paano mo kayang sundin ang halimbawa ng bulag na lalaking ito upang mapalapit Kay Jesus.

Ating pansinin dito ang mga sumusunod mula sa Lucas 18:40. "At si Jesus ay tumigil, at ipinagutos na dalhin siya sa kaniya: at nang mailapit siya, ay itinanong niya sa kaniya."

a. Si Jesus ay naririnig tayo kapag tayo ay umiiyak
b. Si Jesus ay nagtanong sa mga tao upang tulungan at dalhin ang lalaki sa Kanya.
Ikaw ba ay mahabaging tao na nakikipagtulungan kay Jesus upang dalhin ang mga pilay upang mailapit kay Jesus. "7 Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan" (Mateo 5:7)
c. Ang lalaking iyon ay bulag ngunit nakaya niyang makita ng malinaw ano ang nais ng Diyos sa kanya na gawin. Ang mga taong sumaway sa kanya ay may mga paningin ngunit hindi nila nakita ang hinihiling ng Diyos na gawin nila. Tayo ba ay may paningin ngunit hindi natin makita ang nais ng Diyos sa atin upang makita at gawin? Ating suriin ang ating sarili at tingnan. Tayo ba ay ang mga tao na hindi makita at makilala ang mga tao na nangangailangan ng habag at ang tulong ng Diyos?
d. Ang parehong mga taong sumuway sa lalaki iyon, ang Panginoon ay sinabihan sila upang umalis at dalhin ang lalaki iyon sa Kanya. Naniniwala ako na sinadya ni Jesus na sabihin sa mga tao na umalis at dalhin ang lalaking iyon sa Kanya upang turuan sila ng aral na magkaroon ng habag at upang tumulong sa mga nangangailangan.
e. Naniniwala ka ba na tayo o ang ibang disipolo sa ilang pagkakataon ay hindi makita at hindi natin marinig ang iyak ng mga nangangailangan ng tulong at habag? Kung iyon ang sitwasyon paano natin maasahan na matatanggap ang habag?
f. Si Jesus ay nagtanong sa bulag ano ang kaniyang kailangan.

Ito ay kamangha mangha na ang Panginoon ay magtanong sa mga tao ano ang kanilang kailangan. Bagamat alam Niya ngunit Siya'y nagtanong upang suriin kung nalalaman natin kung ano ang ating kailangan. Tinanong Niya si Solomon at si Solomon ang humiling ng karunungan, and tinanong Niya ang lalaking iyon na humiling upang tanggapin ang kaniyang paningin.

"41Anong ibig mo na sa iyo'y gawin ko? At sinabi niya, Panginoon, na tanggapin ko ang aking paningin." (Lucas 18:41) Si Jesus ay napahanga sa iyak ng lalaki. Ating mapapansin ang pagiging tunay ng bulag na lalaki sa harap ng Diyos. Hindi ko sinasabi dito na ang Diyos ay kikilos sa pamamagitan ng ating pagiyak, datawpuwa't ang kahalagahan ng pagiging totoo at pagkamatuwid sa harapan ng Diyos. Kailangan natin magkaroon ng malinis at tunay na katatayuan at puso sa harap ng Diyos at sa harap ng mga tao. Ang lalaki ang nagpahayag kay Jesus ng kaniyang kailangan at kung ano ang nais Niyang gawin para sa kanya. Kailangan nating magpahayag sa Diyos ng may katotohanan at kung ano ang nais Niyang gawin para sa atin. Hindi dapat tayong mahiya sa mga tao o sa Diyos.

7. Siya ay isang taong may pananampalataya sa pagpapahayag sa Panginoon ng kanyang pangangailangan: "40 At si Jesus ay tumigil, at ipinagutos na dalhin siya sa kaniya: at nang mailapit siya, ay itinanong niya sa kaniya, 41 Anong ibig mo na sa iyo'y gawin ko? At sinabi niya, Panginoon, na tanggapin ko ang aking paningin." (Lucas 18:40-41) Pinatunayan ni Jesus sa kanya na ang kanyang pananampalataya ang nagdala ng kaligtasan sa kanya. "42 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Tanggapin mo ang iyong paningin: pinagaling ka ng pananampalataya mo." (Lucas 18:42) Kaagad sinagot ni Jesus ang kanyang panalangin at ibinigay ang kanyang hiniling. Sa ilang mga panahon ang maliit na kahilingan ay maaaring maantala upang ibigay sa atin, ngunit sa ibang panahon ang malaking pangangailangan ang Panginoon ay sinasagot kaagad.

8. Si Jesus ay nagutos sa lalaking may pananampalataya, "42 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Tanggapin mo ang iyong paningin: pinagaling ka ng pananampalataya mo." (Lucas 18:42)

9. Siya'y nagpatuloy na sumunod kay Jesus pagkatapos niyang natanggap ang kanyang paningin. "43 At pagdaka'y tinanggap niya ang kaniyang paningin, at sumunod sa kaniya, na niluluwalhati ang Dios: at pagkakita nito ng buong bayan, ay nangagpuri sa Dios." (Lucas 18:43) Ang lalaking iyon pagkatapos niyang natanggap ang habag

mula kay Jesus siya'y nagpatuloy upang sumunod sa Kanya. Ang himala na ginawa ni Jesus sa buhay lalaking iyon ay nagdala ng kapurihan at kaluwalhatian sa Diyos.

Sa aking mahal at minamahal: Sumunod sa mabuting halimbawa ng bulag na lalaki na ibinigay ng Banal na Kasulatan sa atin at tingnan ang mga sumusunod:

Magkaroon ng pananampalataya at pagasa sa Diyos, na Hindi ka niya nakakalimutan, at isang araw siya ay darating at pagiginhawain ka.

Kailangan mong gawing posible upang suportahan ang iyong sarili at magkaroon ng kita para sa iyong ikabubuhay. Ang bulag na lalaki ay ginawa ang kanyang bahagi at kailangan mong gawin ang iyong parte na magkaroon ng habag sa iyong sarili upang matanggap mo ang habag mula sa Diyos.

Magtiwala kay Jesus na ating Diyos, at kailangan mong magtiwala sa epektibo ng iyong mga panalangin at pagsusumamo sa Panginoon.

Ang pananalangin at pagiyak aa Diyos ay isang paraan para sayo upang matanggap ang biyaya at habag mula sa Diyos. Maaring pagtawanan ka ng mga tao, maaring ang mga tao'y takutin ka kapag ikaw ay nanalangin, datawpuwat ang Diyos ay ipapakita sayo ang habag at awa kapag ikaw ay umiyak sa Kanya.

Kailangan mong gawin ang iyong bahagi upang malampasan ang mahirap na kalagayan. Ito din ay pagpapakita ng pananampalataya, at ang pagtitiwala sa Diyos na ibinigay Niya ang iyong pangangailangan. Kailangan mong gawin lahat na nasa batas sa paningin ng Diyos upang makuha kung ano nararapat para sayo. Habang kina kahabagan mo ang iyong sarili. Ganon din ang Diyos ay ibibigay sayo ang Kanyang habag.

Gusto ng Diyos na tanggapin mo ang mga bagay na nangyayari sa iyong buhay at upang makipaguganayan sa Kanya upang maayos ang mga pangyayari.

Sa kahit anomang pangyayari na iyong pinagdadaanan, kailangan mo pa ring maging pagpapala sa iba, hindi kabigatan ngunit pagpapala sa iba katulad ng bulag na lalaking iyon.

Ang mga taong malapit sayo ay maaring sawayin ka para sa mga bagay na ginagawa mong tama ngunit hindi ka dapat mahiya ngunit upang magpatuloy na gawin ano ang tama. Walang ibang tutulong sayo kundi ang Diyos mismo. Ang mga tao'y hindi tutulong sayo. Samakatuwid hindi ka dapat mahiya na gawin kung ano ang nais ng Diyos na gawin mo at upang magpatuloy na gawin ang tama.

Kailangan mong mapalapit sa Diyos sa lahat ng posibleng paraan na magagawa mo. Pagtutol ng mga tao ay hindi balakid ngunit isang dahilan para sayo upang mapalapit sa Diyos. Pagnilayan ngayon sa kung anong iyong pinagdadaanan sa iyong buhay at tingnan kung paano ka makakasunod sa halimbawa ng bulag na lalaki iyon upang mapalapit kay Jesus.

Ikaw ba ay mahabaging tao na nnakikipagtulungan kay Jesus upang dalhin ang mga pilay na tao sa Kanya?

Ikaw ba ay naniniwala na ikaw o ang ibang alagad sa ilang panahon ay hindi makita at hindi marinig ang tiyak ng mga nangangailangan ng tulong? Kung ganon ang sitwasyon, tapos paano mo maasahan na tanggapin ang habag?

Kung hindi ka maawaing tao, tapos, magsisi ka at magbago.

Kailangan mong magkaroon ng dalisay at tunay na katayuan at puso sa harap ng Diyos at sa harap ng tao. Ang bulag na lalaki ay nagpahayag kay Jesus ng kanyang kailangan at ano ang kailangan gawin para sa kanya. Kailangan mong ipahayag sa Diyos ng may katotohanan ano ang nais Niyang gawin para sayo.Hindi ka dapat mahiya mula sa mga tao o mula sa Panginoon.

Pagkatapos mong matanggap ang habag ni Jesus at ang Kanyang kaligtasan, kailangan mong magpatuloy ma sumunod sa Kaniyang daan.

Kailangan mong maging karapat sa Kanya pagkatapos ka Niyang kahabagan at paginhawain.

Kailangan mong maunawaan na ang mga tao sa pamamagitan ng iyong buhay ay makita ang awa ng himala ng Diyos at papupurihan Siya at luluwalhatiin ang Kanyang pangalan.

Napakahalaga nito upang mamuhay ng matuwid kalugod lugod sa Diyos upang ang ibang mga taong nakapaligid sayo ay makikita ng Kanyang habag sa iyong buhay at magsisimulang purihan Siya.

Tayo'y manalangin: Ama naming Diyos ako'y lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan sa Panginoon. Ating talikuran ang ating pagmamalaki, walang pananampalataya, mahiyain, makasarili at ayaw tumulong sa kapwa. Ating talikuran ang ating katamaran at walang pag sunod sa anong gusto ng Diyos na gawin at gawain para sa Kanya.

Ating ipagkatiwala ang ating sarili upang sumunod sa katuruan sa mensaheng ito at ating linangin na magkaroon ng pananampalataya sa Diyos, sa pananalangin at pagaayuno, sa pagiyak sa Diyos at sa paggawa ng ating bahagi sa paglapit sa Diyos.

Ating bigyang pasasalamat ang Diyos para sa habag na ating natanggap mula sa Kanya sa pagliligtas sa atin, sa paglalabas sa atin mula sa kaguluhan, at sa pagbibiga sa ating ng pabor at awa, at sa paggawa sa atin ng himala sa oras ng panga- ngailangan.

Panginoon, ipinagkakatiwala ako ang buhay na maging handa na magpakita ng awa katulad ng pagpapakita mo ng awa sa akin. Panginoon, ipinapangako ang aking sarili upang dinggin ang iyong tinig at sa mga tagubilin ng Iyong Salita na aking nalinang mula sa mensaheng ito. Panginoon ipinapangako ang aking sarili upang isakatuparan ito sa aking buhay.

Ibigay mo ngayon ang iyong mga suliranin sa Diyos. Panginoon, ako umiiyak at ako'y nagsusumamo sa iyo. Panginoon kaawaan mo ako at lutasin ang suliranin ito.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na pagkatapos kong natanggap itong pangangailangan ko, ako'y magpapatuloy upang sumunod sayo at lumakad sa iyong kaparaanan, at upang ipahayag ang iyong Mabuting Balita sa aking pamilya, sa aking kasambahay, kaibigan, kamaganakan, at sa mga taong nakapaligid sa akin, at upang ipakita sa kanila at parehong awa na ipinakita mo sa akin.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harap mo, tinalikuran ang kanilang mga kasalanan at handa na ilapat ang prinsipyo na kanilang nalinang mula sa iyong Salita aa mensaheng ito at upang ipakita ang habag sa aming mga sarili at sa iba, Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin sa kanila na ikaw ay sumasakanila, sinasagot ang kanilang mga pagiyak at panalagin at pangunahan sila sa kanilang buhay; Panginoon gumawa ka ng mga himala sa kanilang buhay at punuin mo ulit sila ng Banal na Espiritu at gawin mong ang testimonya ng kanilang buhay ay kaakit akit sa iba upang ang mga tao ay maniwala sayo at magsimulang sumunod sayo at mamuhay ng naayon sa iyong Salita. Panginoon gamitin mo sila upang makapagebanghelyo at upang makagawa ng bagong alagad mo at upang ipakita ang awa sa iba.

Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan upang tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang makapagpatuloy ng paglilingkod sayo at gawin ang gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami ng Banal na Espiritu at makayanan namin upang makapagebanghelyo at maabot ang mga bagong tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon ibigay mo sa amin ang bunga ng Banal na

Espiritu pagibig, kagalakan, kapayapaan, kababaang loob, pagpipigil sa sarili, pagtitiis,pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatantan upang magpatuloy at maglingkod sayo sa mas mabuting paraan na nagsasalamin ng katangian ni Jesus sa aming buhay.

Panginoon kami'y nanalangin na payagan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at maabot ang bagong mga tao at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin aming lupain, sumaamin nawa ang Iyon kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig nh Diyos at pagkakaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.